

**Importance and benefits of the Alternative Learning System (ALS)
for Out-Of-School Youth**

Ellen May B. Borja*

Filamer Christian University, Inc., Roxas City, Capiz, Philippines

ABSTRACT

This survey-correlational study was conducted to determine the level of importance and benefits of the Alternative Learning System (ALS) among out-of-school youth in the District of Pontevedra, Capiz, during the School Year 2024–2025. The participants of the study were a total of one hundred seventeen (117) ALS learners in the District of Pontevedra. The research instruments used were a questionnaire assessing the level of importance of ALS and a questionnaire measuring its benefits among out-of-school youth. To measure the levels of importance and benefits of ALS, the following rating scale was employed: 4.21–5.00 (Very High), 3.41–4.20 (High), 2.61–3.40 (Moderate), 1.81–2.60 (Low), and 0.01–1.80 (Very Low). The independent variable of the study was the level of importance of the Alternative Learning System, while the dependent variable was the benefits of the Alternative Learning System among out-of-school youth. All data and relevant information collected throughout the study were kept private and confidential by the researcher. The data were analyzed using computer-assisted statistical procedures. Mean and standard deviation (SD) were employed to analyze the descriptive data, while Pearson's correlation coefficient (Pearson r) was used for inferential analysis. The level of significance was set at .05. The findings revealed that the level of importance of ALS was rated "Very High," while its benefits among out-of-school youth were likewise rated "Very High." Furthermore, the study established a statistically significant relationship between the level of importance and the benefits of the Alternative Learning System among out-of-school youth.

Keywords: Alternative Learning System, Out-of-School Youth, educational benefits.

Date Submitted: September 15, 2026

Date Accepted: September 21, 2026

Date Published: October 9, 2026

*Corresponding author / Email: ellenmayborja@gmail.com

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05041616>

Recommended citation:

Borja, E. M. B. (2026). Importance and benefits of the Alternative Learning System (ALS) for Out-Of-School Youth. *Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (4), 602-614.
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS05041616>

Kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System (ALS) sa mga Out of School Youth

Ellen May B. Borja

Filamer Christian University, Inc., Roxas City, Capiz, Philippines

ABSTRAK

Ang survey-correlational na pananaliksik na ito ay isinagawa upang tukuyin ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System (ALS) sa mga Out of School Youth ng Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang kabuuang isangdaan at labing pito (117) na mga mag-aaral ng ALS sa Distrito ng Pontevedra. Ang mga kagamitang ginamit sa pananaliksik ay ang talatanungan sa antas ng kahalagahan ng ALS at talatanungan sa pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth. Sa pagsukat ng antas ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth, ito ay ginamitan ng iskalang (4.21-5.00) napakataas, (3.41-4.20) mataas, (2.61-3.40) katamtaman, (1.81-2.60) mababa, (0.01-1.80) napakababa. Ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito ay ang antas ng kahalagahan ng Alternative Learning System habang ang di-malayang baryabol naman ay ang pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth. Ang mga datos at kinakailangang impormasyon na nakalap sa pananaliksik na ito ay papanatiliing pribado at kompidensyal ng mananaliksik. Ito ay idinaan sa computer-processed statistics. Sa pagsusuri ng palarawang datos ay gumamit ng mean at standard deviation (SD). Para naman sa pagsusuri ng inferensyal na datos, gumamit ng Pearson r. Ang antas ng kabuluhan ay .05. Natuklasan sa pag-aaral na ito na “napakataas” sa antas ng kahalagahan ng ALS at “napakataas” sa pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth. Dagdag pa rito, ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth ay “may makabuluhang kaugnayan”.

Susing salita: Alternative Learning System, Out-of-School Youth, pakinabang sa edukasyon.

PANIMULA

Ang Pilipinas ay nagkaroon ng malaking pag-unlad sa pagbibigay ng dekalidad na batayang edukasyon. Gayunpaman, batay sa datos ng National Economic and Development Authority (NEDA, 2017), mahigit 11 na bahagdan ng mga kabataan ang hindi nakapagtapos ng junior high school. Sa ulat naman ng UNESCO Institute for Statistics (UIS) noong 2021, tinatayang 9 na bahagdan ng mga Pilipinong may edad 6 hanggang 24 ang hindi pumapasok sa paaralan noong 2017, kung saan karamihan sa kanila (83%) ay nasa edad 16 hanggang 24 taon. Dahil dito, maraming mga tumigil sa pag-aaral ang napupunta sa mababang sahod at hindi permanenteng trabaho. Upang matugunan ito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang Alternative Learning System (ALS), isang alternatibong programa para sa mga hindi nakapagtapos ng pormal na edukasyon.

Ang ALS ay nagtuturo ng mahahalagang kasanayan sa pagbasa at pagsulat, at naghahanda ng mga mag-aaral para sa Accreditation and Equivalency (A&E) Test. Ang mga makakapasa ay nabibigyan ng sertipikasyon na katumbas ng pagtatapos sa pormal na paaralan. Ang ALS ay kabilang sa mga pangunahing programa ng DepEd sa ilalim ng pamumuno ni Kalihim Leonor Briones, na nagsimula noong 2016.

Itinatag ang ALS Task Force bilang pangunahing ahensyang namamahala sa pagpapatupad ng programa sa buong bansa (Department of Education [DepEd], 2019a).

Noong 2019, iniangkop ng DepEd ang mga aralin ng ALS upang tumugma sa K-12 curriculum ng pormal na edukasyon, sa pakikipagtulungan sa mga internasyonal na katuwang. Layunin nito na palakasin ang ugnayan ng dalawang sistema ng edukasyon (DepEd, 2019b). Bukod dito, inilunsad ang ALS 2.0 Strategic Roadmap bilang gabay sa layunin at direksyon ng programa hanggang 2024 (DepEd, 2020).

Noong 2018, umabot sa 840,521 ang bilang ng mga kalahok ng ALS, mas mataas kumpara sa 641,584 na naitala noong 2017 (DepEd, 2017; DepEd, 2018). Tinatayang nasa 5 hanggang 6 na milyong indibidwal sa buong bansa ang maaaring maging mag-aaral ng ALS (Yamauchi, et al., 2016, p.21), subalit halos 15 na bahagdan lamang ng mga ito ang naabot ng programa. Dagdag pa rito, nasa 20 bahagdan hanggang 40 bahagdan ng mga enrollees ang hindi natatapos ang programa (Igarashi, 2018, p.7).

Bagama't tumataas ang bilang ng mga mag-aaral at ng mga kumukuha ng A&E Test, nananatiling mababa ang bahagdan ng mga pumapasa (Yamauchi, et al., 2016, p.66).

Ang mga suliraning kaugnay ng akses at pagtatapos sa ALS ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas masusing pag-aaral ukol sa kalagayan ng mga bata at kabataang hindi nakakatamasa ng mga pagkakataon na hatid ng programa. Mahalaga ang ganitong datos upang mapabuti ang implementasyon ng ALS at makapagpatupad ng mas makatarungang solusyon para sa mga mag-aaral at resulta ng pagkatuto.

Ang pag-aaral na ito ay ibabatay sa Teoryang Self-Perception bilang pangunahing modelo. Binuo nina Rosenberg at Hovland (1960) at pinalawak nina Logan at Hodges (2012). Inilalarawan ng teoryang Self-Perception na ang proseso kung saan sinusuri ng mga indibidwal ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng pagmamasiid sa kanilang sariling mga pag-uugali. Binibigyang-diin nito ang sariling introspeksyon at pagninilay sa mga saloobin at kilos ng isang tao kaugnay sa isang partikular na bagay o sitwasyon.

Ang teoryang self-perception nina Rosenberg at Hovland ay nagsasaad na nabubuo ng mga tao ang kanilang pananaw at paniniwala tungkol sa sarili sa pamamagitan ng pag-observa sa kanilang mga kilos at sa konteksto ng mga ito. Maiugnay ito sa kahalagahan at benepisyo ng Alternative Learning System (ALS) ayon sa pananaw ng mga kabataang hindi nakapagpatuloy sa pormal na edukasyon. Sa pamamagitan ng ALS, nagkakaroon sila ng pagkakataong makilahok sa mga aktibidad na nagpapakita ng kanilang kakayahang matuto, umunlad, at makamit ang mga layunin kahit nasa labas ng tradisyunal na sistema ng paaralan. Habang lumalahok sila sa ALS, unti-unti nilang nakikita ang sarili bilang may kakayahan, maparaan, at may determinasyong magbago, na lalo pang nagpapalakas ng kanilang paniniwala sa kahalagahan ng edukasyon. Ang pagbabagong ito sa pananaw sa sarili ay nagdudulot ng mas mataas na kumpiyansa, tibay ng loob, at pangarap para sa hinaharap, na nagpapakita ng mahalagang papel ng ALS sa pagbibigay ng kapangyarihan at positibong pagkakakilanlan sa mga kabataang napabilang sa mahirap na sektor ng lipunan.

Ang pag-aaral na ito ay ibabatay din sa teoryang Convergence. Ito ay isang konsepto sa sosyolohiya na ipinanukala ni Robert K. Merton, na nagpapaliwanag kung paano ang iba't ibang mga kalakaran, asal, o sistema ng lipunan ay nagkakaroon ng parehong epekto o resulta sa pamamagitan ng kanilang pagsasanib. Ipinapakita ng teoryang ito na kapag ang iba't ibang mga salik o pwersa ay nagsasama o nagtataglay ng parehong layunin, nagdudulot ito ng magkakatulad na kinalabasan, kahit na magkaiba ang kanilang pinagmulan o konteksto. Sa konteksto ng Alternative Learning System (ALS), makikita ang aplikasyon ng teoryang ito sa paraan ng pagtugon ng ALS sa mga pangangailangan ng mga kabataang hindi nakapagtapos ng pormal na edukasyon.

Sa pamamagitan ng ALS, nagsasanib ang mga solusyon sa edukasyon, pagsasanay ng mga kasanayan, at suporta sa mga kabataang ito, na kadalasang nahihirapan na makapag-aral

sa pormal na edukasyon. Binibigyan ng ALS ng pagkakataon ang mga out-of-school youth na makapag-aral nang naaayon sa kanilang pangangailangan at kalagayan, tulad ng nababago o flexible na oras ng pag-aaral at mga programa na akma sa kanilang buhay.

Sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon naobserbahan ng mananaliksik na marami ang hindi nakapagtapos ng pag-aaral kahit maraming programa ang pamahalaan na naglalayong mabigyan ang lahat ng libre at kalidad na edukasyon. Ang pagtutok sa kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth ay nakakatulong sa mga Out of School Youth upang higit nilang maunawaan ang mga benepisyo ng ALS hindi lamang sa pagbibigay ng edukasyon kundi sa pang araw-araw na hamon sa buhay. Magamit ang kanilang mga natutunan upang maghanap ng trabaho, o magpatuloy sa pag-aaral. Sa ganitong paraan, ang ALS ay nagiging isang uri ng pagsasanib ng mga solusyon na tumutugon sa kanilang mga sosyal at pang-edukasyon na pangangailangan, kaya't nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa kanilang hinaharap.

Ang obserbasyong ito ang nag-udyok sa mananaliksik na pagsikapan na tuklasin ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra sa Taong Panuruan 2024-2025.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga out of school youth sa Taong Panuruan 2024-2025 sa Distrito ng Pontevedra, Capiz.

Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan;

1. Ano ang antas ng kahalagahan ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth?
2. Ano ang pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth?
3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth?

METODOLOHIYA

Ang ikatlong kabanata ay binubuo ng tatlong bahagi, ito ay ang Layunin ng Pag-aaral at Disenyo ng Pananaliksik, ang Metodo, at ang mga Pamamaraan sa Pagsusuri ng mga Istadistikang mga Datos. Ang unang bahagi ay nagsasaad ng layunin ng pag-aaral at naglalarawan ng disenyong gagamitin sa pagsusuri ng mga datos. Ang ikalawang bahagi, ang metodolohiya, ay naglalarawan sa mga kalahok ng pag-aaral, sa mga kagamitang gagamitin, at sa mga hakbang na isasagawa upang makuha ang mga datos na kailangan. Ang ikatlong bahagi naman ay nagpapakita ng mga datos at ng pamamaraan sa pagsusuri nito upang masubok ang mga ipotesis na kilalanin.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System (ALS) sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Gumamit ang pag-aaral ng survey-correlational na pamamaraan. Ayon kay Bandari (2021), ang survey-correlational ay may layuning matukoy ang mga kaugnayan ng mga baryabol, kung gaano kalakas ang ugnayan nito, at kung saan umiiral ang direksiyon, nang hindi pinapakialaman ng mananaliksik ang alinman sa mga baryabol. Sa pag-aaral na ito, binigyan ng kasagutan, sapat na kahulugan, at pag-unawa ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra sa Taong Panuruan 2024-2025. Ang malayang baryabol sa pag-aaral ay ang kahalagahan ng Alternative Learning System, samantalang ang di-malayang baryabol naman ay ang pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School

Youth, na sinukat gamit ang mga talatanungang sinagutan ng mga mag-aaral sa ALS. Ang mga datos at impormasyong nalikom sa pananaliksik na ito ay mananatiling pribado at kompidensyal ng mananaliksik, at idinaan sa computer-processed statistics. Sa pagsusuri ng palarawang datos, ginamit ang percentage, mean, frequency counts, standard deviation, at pearson r. Ang alpha level ng kahalagahan ay itinakda sa 0.05 para sa lahat ng inferensyal test.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga Out of School Youth na nag-aaral sa ALS sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruang 2024-2025. Sa kabuuan, may isangdaan at labing pito (117) na mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS) na mula sa Pontevedra (elementary at sekondarya). Ang isangdaan at labing pito (117) na mag-aaral na ito ay natukoy ng mananaliksik sa Pontevedra (elementary at sekondarya), at ang ginamit sa pag-aaral ay ang purposive sampling, na nangangahulugang lahat ay kasali bilang kalahok. Kaya, ang kabuuang kalahok mula sa Pontevedra ay 117 at ang sampol ay 117, kung saan ang kabuuang populasyon ay $N=117$ at ang kabuuang sampol ay $n=117$.

Tungkol sa profayl ng mga kalahok, ipinakita ng datos na 75 o 64.10% sa mga kalahok ay lalaki at 42 o 35.90% ay babae. Ayon sa nakalap na datos, karamihan sa mga kalahok na Out of School Youth ay mga lalaki. Ipinakita rin ng datos na 2 o 1.71% ng mga kalahok ay may edad na 13 taong gulang pababa, samantalang 115 o 98.29% ng mga kalahok ay may edad na 14 taong gulang pataas. Ito ay nagpapatunay lamang na halos lahat ng mga kalahok na out of school youth ay may edad na 14 taong gulang pataas. Ipinakita rin ng datos na 19 o 16.24% sa mga kalahok ay may mga magulang na walang natapos o hindi nakapag-aral, 34 o 29.06% ay may magulang na nakapag-aral sa elementarya, 56 o 47.86% ang nakatapos ng sekondarya ang kanilang mga magulang, at 8 o 6.84% ang may magulang na nakapagtapos ng kolehiyo. Sa kabilang dako, ipinakita rin ng datos na 98 o 83.76% sa mga kalahok ang may buwanang kita ng pamilya na mas mababa sa ₱10,000.00, 13 o 11.11% ang may buwanang kita na ₱10,001.00 – ₱20,000.00, 3 o 2.56 ang may buwanang kita na ₱20,001.00 – ₱30,000.00, at 3 o 2.56 ang may buwanang kita na higit sa ₱30,000.00. Ang kabuuan ng mga kalahok ay 117 o 100.00. Ito ay nagpapatunay lamang na halos lahat sa mga kalahok na out of school youth ay napapabilang sa mga pamilya ng manggagawang may minimum wage.

Ang kagamitan sa pananaliksik ay binubuo ng tatlong (3) bahagi: ang propayl ng mga kalahok, ang talatanungan sa antas ng kahalagahan ng Alternative Learning System, at ang talatanungan sa pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Ang propayl ng mga kalahok ay binubuo ng dalawang (2) aytem na tumutukoy sa personal na impormasyon ng mga mag-aaral tulad ng kasarian at edad. Hiniling ng mananaliksik na punan ng mga kalahok ang mga kahon o patlang ng tsek o ng mga hinihinging kaukulang datos.

Sa pagtitipon ng datos sa antas ng kahalagahan ng Alternative Learning System (ALS) sa mga Out of School Youth, binigyan ng mananaliksik ang bawat mag-aaral ng isang talatanungan na binubuo ng apatnapung (40) aytem na personal na ginawa sa tulong ng kaniyang tagapayo. Ipinasailalim ito sa content-faced validity sa tulong ng tatlong (3) ekspertong guro, at ipinaylot test sa tatlumpong (30) mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral. Binigyan ng sapat na oras sa pagsagot ang mga mag-aaral. Para sa pagmamarka, ang mga sumusunod na iskala ay siyang ginamit upang masukat ang antas ng pagpapaunlad ng kasanayang kognitibo sa pagkatutong play-based. Ang iskor na 5 ay may kasagutang lubos na sumasang-ayon, ang iskor na 4 ay sumasang-ayon, ang iskor na 3 ay di-tiyak, ang iskor na 2 ay di-sumasang-ayon, at ang iskor na 1 ay lubos na di-sumasang-ayon. Sa pagpapakahulugan ng mean, ang iskalang 4.21 - 5.00 ay may deskripsyong napakataas, ang 3.41 - 4.20 ay mataas, ang 2.61 – 3.40 ay katamtaman, ang 1.81 – 2.60 ay mababa, at ang 1.00 – 1.80 ay lubhang

mababa. Ang resulta ng Cronbach's Alpha na .910 ay nagpapakita na lubos na katanggap-tanggap ang apatnapung (40) aytem na ginamit sa talatanungan.

Sa pagtitipon naman ng datos sa antas ng pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth, binigyan din ng mananaliksik ang bawat mag-aaral ng isang talatanungan na binubuo ng apatnapung (40) aytem na personal na ginawa sa tulong ng kaniyang tagapayo. Ipinasailalim ito sa content-faced validity sa tulong ng tatlong (3) ekspertong guro, at ipinaylot test sa tatlong (30) mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral. Binigyan ng sapat na oras sa pagsagot ang mga mag-aaral. Para sa pagmamarka, ang mga sumusunod na iskala ay siyang ginamit upang masukat ang antas ng pagpapaunlad ng kasanayang kognitibo sa pagkatutong play-based. Ang iskor na 5 ay may kasagutang lubos na sumasang-ayon, ang iskor na 4 ay sumasang-ayon, ang iskor na 3 ay di-tiyak, ang iskor na 2 ay di-sumasang-ayon, at ang iskor na 1 ay lubos na di-sumasang-ayon. Sa pagpapakahulugan ng mean, ang iskalang 4.21 - 5.00 ay may deskripsyong napakataas, ang 3.41 - 4.20 ay mataas, ang 2.61 - 3.40 ay katamtaman, ang 1.81 - 2.60 ay mababa, at ang 1.00 - 1.80 ay lubhang mababa. Ang resulta ng Cronbach's Alpha na .853 ay nagpapakita na lubos na katanggap-tanggap ang apatnapung (40) aytem na ginamit sa talatanungan.

Ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglaan ng sapat na oras sa paggawa ng pag-aaral, kalakip ang paghahanda sa talatanungan sa tulong ng kaniyang tagapayo at ng iba pang kagamitan upang matukoy ang kahalagahan at antas ng pakinabang ng Alternative Learning System sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Una, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa Tagamasid Pampurok ng Pontevedra, Capiz upang maisagawa ang pag-aaral. Humingi rin ng pahintulot ang mananaliksik sa guro at sa mga kalahok. Gumawa rin ng liham para sa magulang ng mga kalahok sapagkat ang ilang kalahok ay mga mag-aaral sa elementarya. Humingi ng oras ang mananaliksik sa pagtakda ng tiyak na araw upang mapaghandaan ng mga tagatugon ang pagsagot. Bago ipamahagi, ipaliliwanag nang maayos at malinaw ng mananaliksik ang mga dapat gawin upang lubos na maunawaan ng mga tagatugon. Bawat kagamitan sa pananaliksik ay may nakasaad na panuto. Matapos isagawa ang pananaliksik, ang mga nakolektang datos ay inalisa at sinuri gamit ang Microsoft Office Excel Program and Statistical Packages for Social Sciences (SPSS).

Dagdag pa rito, sisiguraduhin ng mananaliksik na ang lahat ng impormasyong nagmula sa mga tagatugon ay mananatiling kompidensyal bilang pagsunod sa batas na RA 10173 o kilala bilang Data Privacy Act of 2012. Ayon sa batas, ang lahat ng impormasyon ng mga kalahok na ibinahagi ay mananatiling pribado sa loob ng itinakdang panahon para sa pagsusuri at pagkatapos ay ligtas na sisirain.

Para sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang ilang kagamitang pang-istadistika. Ang frequency count ay ginamit upang tiyakin ang wastong interbal ng bawat iskor batay sa iskala sa pagtatala ng mga tugon ng mga tagatugon ayon sa kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System. Ang standard deviation ay ginamit upang matiyak ang kaisahan at katumpakan ng tugon ng mga mag-aaral ayon sa kahalagahan at pakinabang ng ALS. Ang Pearson r naman ay itinakda sa 0.05 alpha at ginamit upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa mga out of school youth.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kabanatang ito ay nakabatay sa mga datos na nalikom mula sa isang daan at labing pito (117) na Out of School Youth na mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS) sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Gumamit ang pag-aaral ng survey-correlational na disenyo, na ayon kay Bandari (2021) ay naglalayong tukuyin ang mga kaugnayan ng mga baryabol, ang lakas ng ugnayan, at ang direksiyon nito nang hindi

pinapakialaman ng mananaliksik ang alinman sa mga baryabol. Ginamit ang purposive sampling kung kaya lahat ng 117 na natukoy na mag-aaral ay kasali bilang kalahok, kaya $N=117$ at $n=117$. Ang mga datos ay nakolekta sa pamamagitan ng dalawang talatanungan na may tig-apatnapung (40) aytem, na personal na ginawa ng mananaliksik sa tulong ng kaniyang tagapayo, ipinasailalim sa content-faced validity ng tatlong (3) ekspertong guro, at ipinaylot test sa tatlumpong (30) mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral. Ang Cronbach's Alpha ng talatanungan sa kahalagahan ay .910 at ng talatanungan sa pakinabang ay .853, na parehong nagpapakita ng lubos na katanggap-tanggap na pagiging maaasahan. Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng computer-processed statistics gamit ang Microsoft Office Excel at Statistical Packages for Social Sciences (SPSS), kung saan ginamit ang frequency count, percentage, mean, standard deviation, at Pearson r, at itinakda ang alpha level ng kahalagahan sa 0.05 para sa lahat ng inferensyal na pagsusuri. Ang mga resulta ay binibigyang-kahulugan nang tuwiran batay sa pangunahing layunin ng pag-aaral, na matukoy ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra, Capiz.

Profayl ng mga kalahok

Sa 117 na kalahok, 75 o 64.10% ay lalaki at 42 o 35.90% ay babae, kaya karamihan sa mga Out of School Youth na kalahok ay lalaki. Batay sa edad, 2 o 1.71% ang may edad na 13 taong gulang pababa, samantalang 115 o 98.29% ang may edad na 14 taong gulang pataas, na nagpapatunay na halos lahat ng kalahok ay nasa edad na 14 pataas. Hinggil sa natapos na edukasyon ng magulang, 19 o 16.24% ng mga kalahok ay may magulang na walang natapos o hindi nakapag-aral, 34 o 29.06% ay may magulang na nakapag-aral sa elementarya, 56 o 47.86% ay may magulang na nakatapos ng sekondarya, at 8 o 6.84% ay may magulang na nakapagtapos ng kolehiyo. Sa usapin ng buwanang kita ng pamilya, 98 o 83.76% ay may kita na mas mababa sa ₱10,000.00, 13 o 11.11% ay may kita na ₱10,001.00 – ₱20,000.00, 3 o 2.56% ay may kita na ₱20,001.00 – ₱30,000.00, at 3 o 2.56% ay may kita na higit sa ₱30,000.00, na may kabuuang 117 o 100.00%. Ipinapakita nito na halos lahat ng kalahok ay napapabilang sa mga pamilya ng manggagawang may minimum wage.

Antas ng kahalagahan ng Alternative Learning System

Lumalabas sa pag-aaral na ang kabuuang antas ng kahalagahan ng ALS sa mga Out of School Youth ay “napakataas” ($M=4.41$, $SD=0.25$), batay sa iskala na 4.21-5.00 bilang napakataas, 3.41-4.20 bilang mataas, 2.61-3.40 bilang katamtaman, 1.81-2.60 bilang mababa, at 1.00-1.80 bilang lubhang mababa. Ang mababang standard deviation na 0.25 ay nagpapakita ng malapit na pagkakaisa ng mga tugon ng mga mag-aaral. Ibig ipakahulugan ng resulta na lubos na pinapahalagahan ng mga Out of School Youth ang ALS dahil nakatutulong ito at nagbibigay ng oportunidad na makapag-aral muli sa kabila ng kanilang edad. Dahil sa naaangkop na oras ng ALS, nagsusumikap at naglalaan ng oras ang mga mag-aaral upang makadalo sa klase sa kabila ng masamang panahon, kahirapan, at responsibilidad sa pamilya. Halimbawa, may mga magulang na nag-aalaga ng anak sa gabi ngunit pumapasok pa rin sa klase ng ALS sa umaga, at may ilang kahit umuulan o nagtrabaho sa konstraksyon ay dumadalo pa rin upang hindi maiwan sa aralin.

Makikita rin ang pagpapahalaga sa paraan ng pagsasagawa nila ng mga gawaing itinakda sa kanila. Ginagawa nila ang lahat upang maipasa ang pagsusulit sa pamamagitan ng pag-aaral sapagkat naniniwala silang mababago ng ALS ang kanilang buhay at makatutulong ito upang makapagtapos at makamit ang mga pangarap sa kabila ng edad. Nakilala rin nila ang

kanilang mga karapatang pantao sa edukasyon na nagbibigay sa kanila ng pag-asa, at nagkakaroon sila ng pagkakataong makilahok sa mga gawain ng paaralan. Bukod sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat, nag-aalok ang ALS ng makabuluhang kaalaman na mahalaga sa paghahanapbuhay at pagpapabuti ng kalidad ng buhay. Ang abot-kaya at angkop na paraan ng pagtuturo nito ay nakatulong sa mga mag-aaral na matuto sa sarili nilang bilis at ayon sa kanilang pangangailangan, at napapaunlad din nito ang kanilang pag-iisip at pagdedesiyon. Sa kabuuan, ang ALS ay epektibong programa na nagbibigay ng ikalawang pagkakataon sa mga Out of School Youth at mahalagang ambag sa pag-unlad ng bansa, patunay na ang edukasyon ay susi sa pagbabago at pag-unlad.

Sinang-ayunan ito ng pag-aaral nina Azardon at Nato (2015) na nagpakita ng pagtaas ng pagpapahalaga sa edukasyon at mga oportunidad sa buhay sa mga nakatapos ng ALS. Pinatunayan din ni Victoria (2024) ang mataas na antas ng kasiyahan at pag-unawa sa mga aralin ng mga mag-aaral ng ALS. Ang pag-aaral nina Mehra et al. (2021) ay nagpakita ng positibong epekto ng ALS sa mga kabataan, sapagkat nagbibigay ito ng mga kasanayang nagpapabuti sa kanilang buhay at nakapagbabawas ng posibilidad ng paglahok sa karahasan at kriminalidad. Sumang-ayon din ang resulta sa pananaliksik nina Fahad at Albano (2022), na nagbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng ALS batay sa karanasan ng mga mag-aaral, at sa pag-aaral nina Caingcoy at Pa Cursa (2020) na nagpakita ng positibong epekto ng ALS sa mga guro at mag-aaral.

Antas ng pakinabang ng Alternative Learning System

Ang kabuuang antas ng pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth ay “napakataas” din ($M=4.49$, $SD=0.29$), gamit ang parehong iskala ng pagmamarka. Bagaman bahagyang mas mataas ang mean na ito kaysa sa kahalagahan ($M=4.41$), nananatili ang parehong deskripsyon, at ang SD na 0.29 ay nagpapahiwatig ng medyo magkakalapit na tugon ng mga kalahok. Ibig ipakahulugan nito na marami ang benepisyong naidudulot ng ALS sa mga mag-aaral. Hindi naging hadlang ang edad sa pag-aaral, sapagkat maraming Out of School Youth, bata man o matanda, ang nabibigyan ng pagkakataong mag-enrol, at lumawak ang edukasyon sa mga taong gustong mag-aral kahit matagal nang tumigil. Isa pang dahilan ng napakataas na pakinabang ay ang pag-asa at panibagong direksyon na ibinibigay ng ALS, kung saan nagkakaroon ang isang tao ng pagkakataong madebelop ang sarili, buhayin ang pangarap na makapagtapos, at makahanap ng magandang trabaho.

Natututo rin ang mga Out of School Youth ng mga kasanayang pangkomunikasyon, kritikal na pag-iisip, at disiplina sa sarili na naghahanda sa kanila sa mga hamon ng buhay. Pinagbubuti ng mga kasanayang ito ang kanilang kakayahan sa pag-aaral, pinalalakas ang kanilang pagkatao, at nagbibigay ng kumpiyansa sa sarili upang harapin ang hinaharap. Malaki rin ang tulong ng ALS sa mga kapos-palad na natigil sa pag-aaral dahil sa kahirapan, sapagkat sa abot-kayang uri ng edukasyon ay kaya nilang pagsabayin ang trabaho at pag-aaral. Sa pamamagitan ng programa, nababawasan ang mga kaso ng maagang pagbubuntis at nagkakaroon ng bagong pag-asa ang mga kabataan na maiaalay ang kanilang oras sa pag-abot ng kanilang mga pangarap.

Sinang-ayunan ito nina Azardon at Nato (2015), na nagpakita ng mataas na antas ng kasiyahan at pagpapahalaga sa ALS at naglarawan dito bilang “pangalawang pagkakataon” para makapag-aral at mapaunlad ang sarili. Binanggit din ni Gunigundo (2020) na ang inklusibo at abot-kayang kalikasan ng ALS ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matuto sa sarili nilang bilis at oras, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa at kasiyahan. Ang pag-aaral nina Mehra et al. (2021) ay nagpakita ng positibong epekto ng ALS sa mga kabataan at pagbawas ng posibilidad ng paglahok sa karahasan at kriminalidad, samantalang ang pag-aaral nina Malon et al. (2022) ay nagpakita ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pag-

aaral at pagbuo ng kasanayan sa ilalim ng ALS, na nakatulong sa pagkamit ng kanilang mga layunin sa edukasyon at nagbigay ng mas magandang oportunidad sa trabaho. Pinatunayan din ni Victoria (2024) na mas mataas ang antas ng kasiyahan at pag-unawa sa aralin ng mga nag-aaral sa ALS. Sumasang-ayon din ang resulta nina Anti Puesto et al. (2023), na nagpakita ng dedikasyon ng mga mag-aaral sa kabila ng mga hamon, at ni Cervantes (2021), na nagbigay-diin sa mga benepisyo ng ALS para sa mga marginalized na mag-aaral.

Kaugnayan ng antas ng kahalagahan at pakinabang

Upang masubok ang kaugnayan ng dalawang baryabol, ginamit ang Pearson r sa antas ng kabuluhan na 0.05. Ipinakita ng resulta na ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth ay may makabuluhang kaugnayan ($r=0.892$, $\text{Sig}=0.000$, $p<0.05$), na makabuluhan sa antas na 5% ng alpha. Ipinapakita nito ang positibo at malakas na ugnayan, kung saan ang pagtaas ng pagpapahalaga sa ALS ay kaakibat ng pagtaas ng pakinabang mula rito. Dahil dito, ang ipotesis na nagsasabing walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth ay dapat iwaksi.

Ang dalawang aspeto ay may malalim na ugnayan at positibong epekto sa isa't isa. Hindi sila magkahiwalay, sapagkat kung may pagpapahalaga ang mga mag-aaral sa ALS ay napapakinabangan nila ito, at ang antas ng pakinabang ay nakasalalay sa pagpapahalaga gayundin ang pagpapahalaga sa pakinabang. Magkaugnay ang dalawa sa pagbibigay ng bagong pag-asa at pagkakataon sa mga hindi nakapagtapos sa pormal na edukasyon. Halimbawa, maraming mag-aaral ang patuloy na pumapasok kahit may trabaho o gawaing bahay, sapagkat ang abot-kayang oras ng pag-aaral ay naaangkop sa kanilang sitwasyon, at nadagdagan ang kanilang kumpiyansa sa sarili sa kabila ng mahirap na katayuan sa buhay. Ipinapakita nito na mahalaga sa kanila ang edukasyon kahit sila ay tumigil, at bunga ng kanilang pagpapahalaga ay napapakinabangan nila ang programa dahil nabibigyan sila ng pangalawang pagkakataong makamit ang kanilang mga pangarap. Kapag mas marami ang nagpapahalaga sa ALS, mas marami rin ang makikinabang, hindi lamang ang mag-aaral kundi pati ang kaniyang pamilya, at nababawasan ang mga kabataang napupunta sa maagang pag-aasawa o maling landas, habang nabibigyan sila ng landas na maging matagumpay na mamamayan at makatulong sa ekonomiya ng bansa.

Sinang-ayunan ito ng mga pag-aaral nina Azardon at Nato (2015), Victoria (2024), at Mehra et al. (2021) na nagpakita ng positibong epekto ng ALS sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, at nag-ambag sa pagtaas ng kanilang kumpiyansa sa sarili at pagpapahalaga sa edukasyon. Sumang-ayon din ang pag-aaral nina Anti Puesto et al. (2023), na nagbigay-diin sa papel ng ALS sa pagtugon sa pangangailangan ng mga Out of School Youth, at ni Cervantes (2021), na nagbigay-diin sa kontribusyon ng ALS sa pag-unlad ng kaalaman, kasanayan, at kakayahan. Kaayon din ito ng resulta nina Fahad at Albano (2022) at Caingcoy at Pa Curso (2020) na nagbigay ng iba't ibang perspektiba sa kahalagahan ng ALS, tulad ng pagpapabuti ng literasiya, pagtaas ng oportunidad sa trabaho, at pagpapaunlad ng kalagayan batay sa kabuhayan at antas ng edukasyon ng mga mag-aaral.

Sintesis ng mga natuklasan

Sa kabuuan, natuklasan ng pag-aaral na ang 117 na kalahok, na karamihan ay lalaki (75 o 64.10%), may edad na 14 pataas (115 o 98.29%), at nagmula sa mga pamilyang may buwanang kita na mas mababa sa ₱10,000.00 (98 o 83.76%), ay nagpahayag ng napakataas na antas ng kahalagahan ($M=4.41$, $SD=0.25$) at pakinabang ($M=4.49$, $SD=0.29$) ng ALS. Ang

makabuluhang, positibo, at malakas na kaugnayan ng dalawang baryabol ($r=0.892$, $\text{Sig}=0.000$, $p<0.05$) ay nagbunga ng pagwaksi sa nul na ipotesis, kaya natutugunan ang pangunahing layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng ALS sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025. Nag-aambag ang mga natuklasang ito sa larangan ng edukasyon sapagkat pinagtitiyap nito, sa konteksto ng mga mahihirap na pamilya, ang papel ng ALS bilang ikalawang pagkakataon na nagpapaunlad ng kasanayan, kumpiyansa, at pag-asa ng mga Out of School Youth. Inihahanda ng mga resultang ito ang susunod na kabanata, na maglalahad ng mga lagom, konklusyon, at rekomendasyon batay sa mga natuklasan.

KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na survey-correlational na ito, na isinagawa upang tukuyin ang antas ng kahalagahan at pakinabang ng Alternative Learning System (ALS) sa mga Out of School Youth sa Distrito ng Pontevedra, Capiz sa Taong Panuruan 2024-2025, nabuo ang mga konklusyong inilalahad sa kabanatang ito. Sa kabuuang isang daan at labing pito (117) na kalahok na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, at sa tulong ng talatanungang sinuri ng tatlong (3) guro sa Filipino at ng mga kasapi ng panel bago sumailalim sa pilot testing sa talumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na pag-aaral, napatunayang napakataas ang antas ng kahalagahan ng ALS sa mga Out of School Youth. Ipinahihiwatig ng resultang ito na lubos na kinikilala ng mga kalahok ang halaga ng programa bilang daan tungo sa muling pag-aaral at pag-unlad ng buhay. Dahil dito, kinakailangan ang patuloy na suporta at pagpapaunlad ng pamahalaan sa ALS upang mas marami pang Out of School Youth ang makinabang at mapaunlad ang kanilang buhay. Ang tuloy-tuloy na pagpapabuti sa programa ay makatutulong upang higit itong maging epektibo at maabot ang pangangailangan ng mas maraming Out of School Youth.

Kaugnay nito, napakataas din ang pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth, na nagpapakita na ang programa ay isang epektibong anyo ng edukasyon para sa kanila. Nagbibigay ito ng oportunidad para sa personal at propesyunal na pag-unlad, at kung mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa ALS, mas maraming bata at matatanda ang magkakaroon ng pagkakataong makapag-aral at makatamo ng iba pang oportunidad sa buhay. Samakatuwid, mahalaga ang patuloy na pagsuporta at pagpapahusay ng pamahalaan sa ALS upang mas mapakinabangan pa ito ng maraming Out of School Youth.

Higit pa rito, lumitaw na may makabuluhang ugnayan ang antas ng kahalagahan at ang pakinabang ng ALS sa mga Out of School Youth, batay sa pagsusuring gumamit ng percentage, mean, frequency counts, standard deviation, at Pearson r sa alpha level na 0.05. Dahil dito, hindi tinanggap ang ipotesis na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Pinatutunayan ng ugnayang ito na ang pagbibigay halaga sa ALS ay direktang nakaaapekto sa positibong resulta nito. Kapag mas mataas ang pagpapahalaga sa ALS, mas malaki ang posibilidad na magkaroon ng makabuluhang pakinabang ang mga Out of School Youth na nakikilahok dito. Sa kabuuan, ang pagpapalakas ng pagkilala at pagpapahalaga sa ALS ay tungo sa mas malawak at mas epektibong pagtugon sa pangangailangan ng mga Out of School Youth.

Bunsod ng mga konklusyong ito, iminumungkahi ang ilang hakbang para sa iba't ibang sektor. Para sa mga Out of School Youth, nararapat ipagpatuloy ang pagpapahalaga sa ALS bilang pagkakataong makapag-aral muli at mapaunlad ang sarili. Sikapin nilang dumalo sa klase at makilahok sa mga talakayan at gawain, gamitin ang mga natutunan upang makahanap ng mas magandang oportunidad sa trabaho o makapagpatuloy ng pag-aaral, pagyamanin ang disiplina at tiyaga, at gamitin ang kanilang natutuhan hindi lamang para sa sarili kundi para

makatulong din sa pamilya at komunidad. Hinihikayat din silang ibahagi sa iba pang kabataan at matatanda ang kahalagahan ng ALS upang makumbinsi silang makapag-aral muli.

Para naman sa mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), nararapat palawakin ang sakop ng ALS sa pamamagitan ng mas maraming pasilidad sa iba't ibang komunidad at sapat na suporta sa mga guro at mag-aaral sa pamamagitan ng sapat na materyales sa pagkatuto. Kailangan ding magsagawa ng karaniwang ebalwasyon upang matiyak ang patuloy na pag-unlad at epektibong pagtuturo. Makatutulong ang paglalaan ng mas maraming iskolarship at tulong pinansyal, ang pagtatatag ng gabay para sa paghahanap ng trabaho o pagpapatuloy sa kolehiyo, at ang pagsasama ng mas maraming teknikal-bokasyonal na kurso sa ALS upang lumawak ang oportunidad ng mga mag-aaral. Mahalaga rin ang higit pang pagpapaunlad ng koneksyon ng ALS sa iba't ibang trabaho at programang pangkabuhayan, ang pagsubaybay sa mga dating mag-aaral upang masukat ang pangmatagalang epekto ng programa, at ang pagpapalakas ng paghikayat sa mga komunidad upang mas maraming kabataan ang lumahok.

Sa antas ng paaralan, dapat ipagpatuloy ng mga namumuno ang pagsuporta sa ALS sa pamamagitan ng sapat na pasilidad at kagamitan, paghikayat sa pakikiisa ng mga komunidad, at pagpapatupad ng mentorship programs upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa edukasyon. Makabubuti rin ang patuloy na pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan at iba't ibang organisasyon upang makalikom ng suporta, ang pagbibigay ng tulong sa mga nagtapos sa ALS sa paghahanap ng trabaho, at ang pagsasagawa ng mga programang magpapanatili ng ugnayan sa mga dating mag-aaral upang malaman ang kanilang progreso. Dagdag pa rito, nararapat paunlarin ang kurikulum ng ALS upang higit itong mapakinabangan sa pang-araw-araw na buhay, makipagtulungan sa mga negosyo at institusyon para sa pagsasanay sa trabaho at praktikum, at lumikha ng programa kung saan makatutulong ang mga nakapagtapos sa ALS sa mga kasalukuyang mag-aaral upang maipasa ang kanilang kaalaman at karanasan.

Hindi rin mapapabayaang ang papel ng mga guro ng ALS, na inaasahang patuloy na magpaunlad ng mga estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Makatutulong ang paggamit ng makabagong teknolohiya at iba't ibang paraan ng pagtuturo, ang pagbibigay ng mas maraming hands-on na karanasan upang mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral, at ang patuloy na pagbibigay ng motibasyon upang mapanatili ang kanilang pagkagusto sa pag-aaral. Kailangan din ang mas maraming training programs para sa mga guro, ang paggamit ng mga modyul sa personal na pag-unlad upang maging mas praktikal at kapaki-pakinabang ang mga aralin, at ang pagsasanay sa pag-unlad ng sarili ng mga mag-aaral upang higit nilang maunawaan ang halaga ng edukasyon at kung paano ito makatutulong sa kanilang hinaharap. Kasabay nito, dapat palakasin pa ang dedikasyon sa pagtuturo sa pamamagitan ng mas epektibong estratehiya at mas makabuluhang pagtuturo.

Sa huli, para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomendang magsagawa ng mas malalim na pag-aaral sa mga benepisyo ng ALS at kung paano pa ito mapahuhusay. Maaaring suriin ang epekto nito sa pangmatagalang personal at propesyonal na pag-unlad ng mga dating mag-aaral, kabilang ang kalagayan nila pagkalipas ng ilang taon matapos ang kanilang pag-aaral, at ang mga hamon at posibleng hadlang sa epektibong pagpapatupad ng ALS upang makapagmungkahi ng mga solusyon. Makabubuti ring pag-aralan ang epekto ng ALS sa iba't ibang aspeto ng buhay ng mga mag-aaral, tulad ng kasanayang panlipunan, tiwala sa sarili, at kakayahang magtrabaho, at kung paano pa mapabubuti ang programa sa pagsasanay ng mga Out of School Youth para sa kanilang hinaharap. Bukod dito, ang paghahambing na pagsusuri sa pagitan ng ALS at iba pang alternatibong programa sa edukasyon ay makatutulong upang

matukoy ang pinakamabisang modelo ng edukasyon para sa mga hindi nakapagpatuloy sa tradisyonal na paaralan.

TALASANGGUNIAN

Apao, L., Dayagbil, F., & Abao, E. (2014). Alternative Learning System Accreditation and Equivalency (ALS A&E) program: Quality of life beyond poverty. *International Journal of Interdisciplinary Research and Innovations*, 2(4), 20-26. <http://www.researchjournals.com>

Atilano, E. B., Omanito, R. G., Zayra, C. D., Domingo, J. M., & Garbin, S. N. (2016). Factors influencing the dropout rate in Alternative Learning System-accreditation and equivalency. *The Online Journal of New Horizons in Education*, 6(4).

Anti Puesto, I., Qui Branza, A. L., Ugba Niel, M. R., & Cabello, C. (2023). The Alternative Learning System (ALS) students' challenges in untangling the reading comprehension ability. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*.

Azarcon, R. (2014). Education behind bars: An analysis of ALS program of the BuSU Extension Services Office. Joint AARE-NZARE 2014 Conference, Brisbane. https://www.academia.edu/27538541/EDUCATION_BEHIND_BARS_AN_ANALYSIS_OF_THE_ALTERNATIVE_LEARNING_SYSTEM_PROGRAM_OF_THE_BULACAN_STATE_UNIVERSITY_EXTENSION_SERVICES_OFFICE

Azardon, M. M., & Nato, R., Jr. (2015). The Philippine Alternative Learning System: Expanding the educational future of the deprived, depressed, and underserved. Institute for Adult Learning.

Bantulo, J., & Guhao, E. (2016). Standpoints of learners of the adult learning system: A phenomenology. *International Journal of Scientific & Engineering Research*, 7(11), 342-362. <https://www.ijser.org/researchpaper/standpoint-of-learners-of-the-adult-learning-system-a-phenomenology.pdf>

Caingcoy, M. E., Adajar, M. I. W., & Pacursa, J. (2020). Effectiveness of the Alternative Learning System informal education project and the transfer of life skills among ALS teachers: A case study.

Cervantes, F. M. (2021). Alternative Learning System law: A win for marginalized learners. *Philippine News Agency*.

Department of Budget and Management. (2020). President Duterte signs P4.1 trillion 2020 national budget. <https://www.dbm.gov.ph/index.php/secretary-s-corner/press-releases/list-ofpress-releases/1589-president-dutertesigns-p4-1-trillion-2020-national-budget>

Department of Education. (2019). Policy and guidelines on the K to 12 Basic Education Program (DepEd Order No. 021, s. 2019). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/08/DO_s2019_021.pdf

Fahad, A. S., & Albano, D. C. (2022). Implementation of Alternative Learning System: Basis for policy review and recommendation.

Gunigundo, M. (2020). ALS will save education: A call for recognition of the Alternative Learning System in the Philippines.

Explaining collective behavior. (n.d.). University of Minnesota Libraries Publishing. <https://open.lib.umn.edu/sociology/chapter/21-2-explaining-collective-behavior/>

Alternative Learning System: An important educational program that offers various benefits. (n.d.). Bing. <https://www.bing.com/search?q=alternative-learning-system-an-important-educational-program-that-offers-various-benefits&q=alternative-learning-system-an-important-educational-program-that-offers-variousbenefits&sc=189&sk=&cvid=AF75B626b5334d98A4c493b5de41f16e&ghsh=0&ghacc=0&ghpl>

Mga benepisyo ng alternatibong sistema ng pagkatuto sa Pilipinas. (n.d.). Sumulat.ph. <https://sumulat.ph/mga-benepisyo-ng-alternatibong-sistema-ng-pagkatuto-sa-pilipinas>

Ano ang kahalagahan ng ALS? (n.d.). Bing. <https://www.bing.com/search?q=ano-ang-kahalagahan-ng-als&q=ano-ang-kahalagahan-ng-als&sc=8-26&sk=scvid=2fa8fd7ac4fa4d978a3d2219ecaa81f2&ghsh=0&ghacc=0&ghpl>

Malon, T. S. G., Sandigan, D. A., & Dilna, S. G. (2022). The impact of Alternative Learning System in Cotabo Division: A case study. *International Journal of Scientific Research and Management*.

Mehra, N., Wang, S. J., Reyes, J., & Ambjornsen, M. M. (2021). Evaluation of an Alternative Learning System for youths at risk of involvement in urban violence in the Philippines.

Victoria, J. V. (2024). A study on the implementation of Alternative Learning System among public schools in Region 3, Philippines. *International Journal of Scientific Research and Management*, 11(8), 36-57.

Bhandari, P. (2021, July 7). An introduction to correlational research. Scribbr. <https://www.scribbr.com/methodology/correlational-research/>

Abasolo, A. (2017). Developing a scheme of action for enhanced-Alternative Learning System. Academia.edu. https://www.academia.edu/35207632/developing_a_sheme_of_action_for_enchanced_alternative_learning_system

Department of Education. (n.d.). Alternative Learning System. <https://deped.gov.ph/als>